REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
KAGAWARAN NG EDUKASYON
DEPARTMENT OF EDUCATION
DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City

DEPARTMENT OF EDUCATION

Trunkline : 632-1361
Fax: 633-7231
DETxt: 0919-4560027
Website: http://www.deped.gov.ph

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 247, s., 2004

JUN 0 2 2004

BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2004

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Direktor ng Lingkurang Sentro at mga Puno ng Yunit
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Patnugot ng mga Pribadong Paaralan, Elementary at Sekundarya

1. Bilang pag-alinsunod sa Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997, ang Buwan ng Wikang Pambansa 2004 ay ipagdiriwang sa Agosto 1-31, 2004 na pangungunahan ng Komisyon sa *Wikang Filipino (KWF). Ang paksa ng pagdiriwang sa taong ito ay "Wikang Filipino sa Kaunlarang Pangkabuhayan, Kapayapaan at Pagkakaisa".*

2. Hinati sa mga sumusunod na paksa para sa bawat linggo ang isang buwang pagdiriwang:

* Agosto 1-7 — Wikang Filipino sa Kaunlarang Pangkabuhayan
* Agosto 8-15 — Wikang Filipino para sa Kapayapaan
* Agosto 16-22 — Wikang Filipino sa Pagkakaisa
* Agosto 23-31 — Wikang Filipino sa Pagbangong Moral at Ispiritwal ng Bansa

3. Kalakip nito ang Palatuntunan ng mga Gawain para sa isang buwang pagdiriwang.

4. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

EDILBERTO C. DE JESUS
Kalihim

Kalakip: Gaya ng nasasaad
Sangugunian: Memorandum Pangkagawaran Blg. 190, s. 2003
Pamumudmod: (1--D.O. 50-97)
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CELEBRATIONS & FESTIVALS
Learning Area, FILIPINO

lilian/mp-buwanngwikangpambansa
May 28, 2004/maricar

*"Educating for a Strong Republic"*

(Kalakip sa Memorandum Pangkagawaran Blg. 247, s. 2004)

PALATUNTUNAN NG MGA GAWAIN
Buwan ng Wikang Filipino 2004

**Paksang diwa :** **" Wikang Filipino sa Kaunlarang Pangkabuhayan, Kapayapaan at Pagkakaisa"**

**Agosto 1-7** **Wikang Filipino sa Kaunlarang Pangkabuhayan**

1. Pagdaraos ng debate, timpalak sa islogan o pagsulat ng sanaysay para sa paksang diwa sa linggong ito.

2. Pagsasaliksik at pangangalap ng mga terminolohiya sa kabuhayan na makatutulong sa pagpapalawak ng Diksyunaryong Filipino lalo na ng mga salitang uniko ng ating mga diyalekto.

3. Paggamit ng wikang Filipino sa mga talakayan tungkol sa paksa.

4. Pagtatanghal/displey ng mga gawaing pangkabuhayan at produkto ng iba't ibang rehiyon sa pamamagitan ng diorama, collage at iba pang malikhaing gawain.

5. Pag-aaral, pagbibigay ng reaksyon at paninindigan sa pagsali ng Pilipinas sa patakarang globalisasyon.

6. Pag-uusap/pagtalakay sa mga pananagutan ng isang mamamayan para makatulong sa kabuhayan ng bansa.

7. Pagsulat at pagpapadala ng mga liham-pangkalakal tungkol sa paksa sa tanggapan/taong kinauukulan.

**Agosto 8 – 15** **Wikang Filipino para sa Kapayapaan**

1. Pagdaraos ng paligsahan sa paggawa ng poster tungkol sa kapayapaan.

2. Role play/pagsasadula tungkol sa paksa.

3. Pagtatalo/pagtalakay sa mga tuntunin/batas na ipinatutupad sa pamilya (tahanan, barangay, bayan at sa pangkalahatan sa bansa) tungo sa pagiging isang mabuting mamamayan.

4. Paggawa ng islogan, patalastas at iba pa at pagpapaskil nito sa silid-aralan/ paaralan/ pamayanan.

**Agosto 16 -22** **Wikang Filipino sa Pagkakaisa**

1. Pagdaraos ng programa na nagtatampok ng iba't ibang kultura ng mga etnikong grupo ng bansa.

2. Pagdaraos ng timpalak sa pag-awit ng "Ipagdiwang Natin ang Wikang Sarili", "Wikang Filipino" at Dakilang Lahi" mula sa cassette tape ng PASATAF.

3. Pagdaraos ng eksibit ng iba't ibang produkto ng bansa na ang deskripsyon ay nakasulat sa wikang Filipino.

4. Pag-uusap at pag-unawa sa mga katangian ng iba't ibang etnikong grupo sa loob at labas ng bansa.

5. Paghahanda/paggawa ng sulatin tungkol sa mabuting pakikisalamuha sa miyembro ng pamilya, kamag-aral, kaibigan at iba pang grupong panlipunan.

6. Pagbabalik-aral sa mga wastong kaugalian para sa mabuting pakikisalamuha at pagkakaisa.

7. Pagsulat at pag-uulat tungkol sa isang karanasan na nagpapakita ng pagkakaisa.

**Agosto 23 -31** **Wikang Filipino sa Pagbangong Moral at Ispiritwal ng Bansa**

1. Pagdaraos ng banal na misa.

2. Pagdaraos ng seminar-worksyap tungkol sa paksa.

3. Pagtatalakayan: "Paano Nakatutulong ang Wikang Filipino sa Pag-uunawaan ng mga Mag-aaral sa Paaralan at ng Mamamayan sa Bansa".

4. Pagtatanghal ng isang dula-dulaan na nagpapakita ng kahalagahan ng pamilya.

5. Pagtukoy/pagtatala/paghahambing mga iba't-ibang magandang kaugalian ng mga Filipino.